

Ang Pederal na Suporta para sa mga Nakaligtas sa Wildfire ay Higit \$2 Bilyon

Release Date: Marso 26, 2025

LOS ANGELES – Pagsapit ng Marso 25, mahigit dalawang buwan na mula nang ideklara ng pangulo ang mga wildfire sa Los Angeles County bilang isang malaking kalamidad, ang FEMA at ang mga pederal na partner nito ay nagbigay ng higit \$2 bilyon para sa mga nakaligtas sa kalamidad.

Ang pederal na tulong sa mga kwalipikadong may-ari ng bahay, nangungupahan, at mga negosyo, sa anyo ng mga FEMA grant at mga Utang Upang Makabangon sa Sakuna ng SBA na may mababang interes, ay lumampas na sa \$2 bilyon. Kasama sa numerong iyon ang:

- **\$101 milyong** halaga ng tulong mula sa FEMA para sa pabahay at iba pang pangangailangan.
- **\$2 bilyon sa mga** alok na pautang sa bahay at negosyo mula sa SBA, ang pinakamalaking pinagmumulan ng pondo ng pederal na pagbangon sa sakuna para sa mga may-ari ng bahay, mga nangungupahan, mga negosyo at ilang mga nonprofit.

31,941 na sambahayan ang naaprubahan para sa mga pondo mula sa FEMA, kabilang ang:

- \$24,316,400 para sa tulong sa pabahay para sa pansamantalang tulong sa pagbabayad ng renta at mga gastos sa pag-aayos ng bahay
- \$76,431,025 sa iba pang mahahalagang pangangailangan na may kaugnayan sa sakuna, tulad ng mga gastos na may kaugnayan sa medikal, dental, at nawalang personal na mga gamit.
- Nanatiling bukas ang dalawang **Sentro ng Pagbangon sa Sakuna** sa UCLA Research Park at Altadena Recovery Center. Sa kabuuan, naitala ng mga sentro ang **32,511** pagbisita ng mga nakaligtas. Sa mga sentro, maaaring personal na makipag-usap ang mga residente sa mga kinatawan mula sa mga programa ng pederal at estado, ang American Red Cross at iba't ibang mga nongovernmental non-profit at mga grupo ng komunidad.



FEMA

Page 1 of 3

Sa pakikipagtulungan sa Estado ng California, Los Angeles County, at mga lokal na opisyal, patuloy na tutulungan ng FEMA ang mga indibidwal at pamilya ng California na makabangon at simulan ang kanilang pagbangon.

Ang deadline sa pag-apply para sa tulong sa nasalanta ng sakuna ng FEMA at SBA ay sa Marso 31, 2025.

Paano Mag-apply Para sa Indibidwal na Tulong ng FEMA:

- Mag-online sa DisasterAssistance.gov.
- Sa [FEMA App](#).
- Sa pamamagitan ng pagtawag sa FEMA Helpline sa **1-800-621-3362**. Kung gumagamit ka ng relay service, ibigay sa FEMA ang iyong numero para sa serbisyong iyon. Available ang tulong sa maraming wika. Bukas ang mga linya Linggo–Sabado, mula 4 a.m.- 10 p.m. Oras sa Pasipiko.
- Sa **Sentro ng Pagbangon mula sa Kalamidad (Disaster Recovery Center, DRC)**. Upang mahanap ang isang DRC na malapit sa iyo, bisitahin ang [DRC Locator](#).

Para sa video ng isang American Sign Language kung paano mag-apply, bisitahin ang [Naa-access na FEMA: Tatlong Paraan para Magparehistro para sa Tulong sa Kalamidad ng FEMA](#)

Mag-apply para sa Mababang-Interes na Pautang sa Kalamidad ng SBA

- Mag-online sa sba.gov/disaster
- Sa pamamagitan ng pagtawag sa hotline ng Serbisyo para sa mga Kustomer ng SBA sa **800-659-2955**. Maaaring i-dial ng mga taong bingi, mahina ang pandinig o may kapansanan sa pagsasalita ang **711** upang ma-access ang mga serbisyo ng relay.
- Sa pamamagitan ng pag-email DisasterCustomerService@sba.gov
- Sa Sentro ng Pagbangon mula sa Kalamidad o **Sentro ng Pagbangon para sa Negosyo**, kung saan maaari kang magsumite ng isang kumpletong aplikasyon o matutulungan ka ng mga kinatawan ng SBA na mag-apply. Para makahanap ng BRC na malapit sa iyo, pumunta sa Appointment.sba.gov.
- Ang mga aplikasyon para sa pautang sa kalamidad ay maaaring isumite online gamit ang MySBA Loan Portal sa <https://lending.sba.gov> o iba pang mga inihayag na lokal na lokasyon.



FEMA

Page 2 of 3

Sundan ang FEMA online sa X [@FEMA](#) o [@FEMAEspañol](#), sa [Facebook page ng FEMA](#) o [FEMA Español](#), at sa [YouTube account ng FEMA](#). Para sa impormasyon tungkol sa kahandaan, sundan ang Ready Campaign sa X sa [@Ready.gov](#), sa Instagram sa [@Ready.gov](#), o sa [Ready Facebook page](#).

Nakatuon ang California sa pagsuporta sa mga residenteng naapektuhan ng Los Angeles Hurricane-Force Firestorm habang nasa proseso sila ng pagbangon. Bisitahin ang [CA.gov/LAFires](#) para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa mga disaster recovery program, mahahalagang deadline, at kung paano mag-aplay para sa tulong.



FEMA

Page 3 of 3